Know More about Gas Safety

# General Household Gas Safety



GAG's Family

機電工程署 EMSD

Updated in March 2025 (TAGALOG)

## Household Gaseous Fuels

The most common household gaseous fuels are town gas and liquefied petroleum gas (LPG). Town gas, whose main constituent is hydrogen and methane, is lighter than air and is transmitted to households via pipes. LPG, a mixture of propane and butane, is heavier than air and is usually pressurized and stored in liquid form in cylinders. There are also central LPG supply systems whereby LPG is delivered to households via pipes.

Both town gas and LPG are safe and reliable gaseous fuels, but inappropriate use of them may cause serious gas accidents. This leaflet covers the important aspects of household gas safety which the domestic consumers should know when using town gas or LPG.

## Emergency Handling of Gas Leaks

Pungents odorants are added to town gas and LPG, so that gas leaks can be detected easily. When consumers detect gas leaks, if possible, they should stop the gas flow immediately by turning off the emergency control valves upstream of the gas meters (the main switches of the gas meters). For LPG cylinders, the consumers can disconnect the regulators of the LPG cylinders to cut gas supply.

Extinguish all naked flames and open all windows and doors wide to disperse the gas. Do not use the telephone or operate any electrical switches. Do not touch the switches of any gas appliances. If the gas leak is serious, leave the premises at once and notify your neighbours to evacuate, but do not press any doorbells. After leaving the building by the stairs, dial 999 and notify the Fire Services Department, which will send emergency personnel to the scene.




## Safe Use of Gas Appliances

### General Safety Guidelines




All domestic gas appliances legally sold in Hong Kong bear the GU Mark, signifying that such models are produced in accordance with recognised international safety standards and have passed the local quality assurance audits. So the public should purchase gas appliances bearing the GU Mark to ensure safety when using them. According to the Gas Safety Ordinance (Cap. 51), the installation, replacement and maintenance of gas appliances must be carried out by registered gas installers employed by registered gas contractors. It is against the law to bring non-approved gas appliances into Hong Kong or for consumers to install gas appliances themselves.

For safety reasons and for the effective performance of the gas appliances, consumers should follow the instructions of the manufacturers when using the appliances.



### Safe Use of Gas Cookers

When gas cookers are used, windows must be opened or exhaust fans must be switched on to maintain good ventilation and to supply adequate air for combustion. However, the gas cookers should not be located beside windows to avoid the flames being blown out by strong wind. Gas cookers must be under supervision when in use. Do not leave them unattended when they are operating. Flammable objects must not be placed beside gas cookers. Parents should also educate their children not to play with gas cookers to avoid fire.

The length of the flexible gas tubing connected to the gas cooker must be as short as possible and must not exceed 2 metres. The flexible gas tubing must be replaced prior to the expiry date of its service life. All flexible gas tubing for low pressure applications (gas pressure of not more than 7.5 kilopascals) supplied to and sold in Hong Kong must be approved by the EMSD. The public should use approved flexible gas tubing imprinted with the wording "EMSD APPROVAL GTXXXX" (XXXX means the approval number) and the expiry date of service life.

### Safe Use of Gas Water Heaters

There are several types of gas water heater. Room-sealed gas water heaters, available in different models such as fanned draught and natural draught ones, are the best choice for new and replacement installations. The air intake and flue terminal of this type of heater are outside the external wall, so fresh air for combustion is taken from and combustion products are discharged to outside air; and the heater does not consume or contaminate the air in the room. Most apartments are provided with suitable flue apertures for the installation of room-sealed gas water heaters to serve bathrooms.

If you are still using other types of gas water heaters, we recommend that you replace them with room-sealed ones during regular gas safety checks for the safety of yourself and your family.

### Safe Use of Gas Laundry Dryers

Customers must install gas dryers according to the technical guidelines of manufacturers. In general, the exhaust outlet of a gas dryer must be free of obstacles and the exhaust gas must be exhausted to outside air directly. Exhaust ducts should be made of strong galvanized steel sheets and should be as short as possible. The number of bends and the duct length should be kept to a minimum so that the venting of the exhaust gas will not be hindered.

When gas dryers are used, windows must be opened or exhaust fans must be switched on to maintain good ventilation. Do not put too much clothing or dripping clothes into your dryers to avoid overloading.



The drying time should not be too long. Flammable clothing (such as thin underwear or clothing made of synthetic fibres) should not be dried by gas dryer to avoid the combustion of clothing which may lead to a fire. Odds and sods should not be placed near gas dryers. Filters should be cleaned frequently to avoid the accumulation of dust, which may hinder the performance of gas dryers.

## Storage of LPG Cylinders

According to the Gas Safety Ordinance (Cap. 51), unless specifically approved by the Gas Authority, storing LPG cylinders (including empty cylinders) with a total nominal water capacity of over 130 litres (about 50 kg) is prohibited. The nominal LPG weight of LPG cylinders commonly used in households range from 12 kg to l6kg. For general reference, the following table lists out the maximum number of cylinders permitted for some common sizes of LPG cylinders.

| Nominal LPG Weight (kg) | Permitted Number of Cylinders |
|---|---|
| 12-13.5 | 4 |
| 15-16 | 3 |




LPG cylinders should be stored upright in a well-ventilated and readily accessible location and kept away from heat and flames, especially when you are exchanging cylinders. As LPG is heavier than air, to avoid accumulation of gas, do not use or keep LPG cylinders below ground level, adjacent to drains or in basements.

Moreover, for public safety, do not put LPG cylinders in public places. Used cylinders should be returned to your LPG distributor as soon as possible and should not be disposed off.



## Steps to Exchange LPG Cylinders

1. Extinguish all nearby flames, and do not smoke.
2. Switch off gas appliances.
3. Switch off and disconnect the pressure regulator. Then replace the used LPG cylinder.
4. Re-connect the pressure regulator carefully and firmly and check whether there is smell/sound of gas leaking from the cylinder connection.
5. Switch on the pressure regulator, and check your gas appliances for proper operation.










## Make Use of the Services Provided by Approved LPG Distributors



LPG cylinders should be purchased from approved LPG distributors. All LPG distributors are subject to the monitoring of the respective registered gas supply company. Approved LPG distributors would employ registered gas installers to provide services for customers to ensure the safety in using LPG cylinders. An approved LPG distributor would display the certificate issued by the respective registered gas supply company in the shop and would also show the registered gas contractor number on the invoice for identification. Members of the public may browse the register of approved distributors on the EMSD homepage.

## Enquiry

For further details on gas installations, please contact your registered gas contractor, call the Government hotline 1823 or visit the EMSD homepage at

http://www.emsd.gov.hk





機電工程署 EMSD
Gas Authority
Electrical and Mechanical Services Department
3 Kai Shing Street, Kowloon, Hong Kong
Fax: 2576 5945 Email: info@emsd.gov.hk

**Karagdagang kaalaman tungkol sa Gas Safety**

# Gas Safety

## sa mag Kabahayan



Pamilya ng GAG

機電工程署 EMSD

Updated in March 2025 (TAGALOG)

## Household Gaseous Fuels

Ang pangkaraniwang household gaseous fuels ay ang town gas at liquefied petroleum gas (LPG). Ang town gas, na ang pangunahing sangkap ay hydrogen at methane ay mas magaan kaysa hangin at ito ay naipapadala sa mga kabahayan sa pamamagitan ng mga tubo. Ang LPG naman ay pinaghalong propane at butane. Ito ay mas mabigat kaysa hangin at kadalasang pressurized at iniimbak bilang liquid form sa mga gas cylinder. Mayroon ding mga central LPG supply systems kung saan ang LPG ay naipapadala sa mga kabahayan sa pamamagitan ng mga tubo.

Parehong safe at reliable gaseous fuels ang town gas at LPG ngunit ang maling paggamit nito ay maaaring magdulot ng malubhang gas accidents. Saklaw ng polyetong ito ang importanteng aspeto ng household gas safety ng dapat malaman ng local na consumer kapag gumagamit ng town gas o LPG.

## Emergency Handling ng mga tumatagas na Gas

Any maamoy na odorants ay idinaragdag sa town gas at LPG upang madaling matukoy kung may pagtagas ng gas. Kapag natukoy ng consumer ang pagtagas ng gas, kung maaari, dapat ihinto kaagad ang daloy ng gas sa pamamagitan ng pagpatay ng emergency control valves sa itaas ng gas meters (ang main switch ng gas meters). Para sa mga LPG cylinders, maaaring idiskonekta ng consumer ang regulators ng LPG cylinders para maputol ang supply ng gas.

Patayin ang apoy at buksan ang lahat ng bintana at pintuan upang mapalabas ang gas. Huwag gamitin ang telepono o buksan ang mga electrical switches. Huwag din hawakan ang mga switch ng anumang gas appliances. Kung seryoso ang pagtagas ng gas, umalis kaagad sa lugar at ipagbigay alam sa iyong mga kapitbahay na lumikas ngunit huwag pindutin ang doorbell. Pagkatapos umalis sa gusali sa pamamagitan ng hagdan, i-dial ang 999 at abisuhan ang Fire Services Department na agad magpapadala ng emergency personnel sa pinangyarihan ng insidente.




## Ligtas na paggamit ng Gas Appliances

### Pangkalahatang mga Alituntunin sa Kaligtasan

Ang lahat ng local na gas appliances na legal na ibinebenta sa Hong Kong ay may GU Mark na nagpapahiwatig na ang mga naturang modelo ay ginawa alinsunod sa recognized international safety standards at nakapasa sa local quality assurance audits.

Kaya dapat bumili ang publiko ng mga gas appliances na may GU Mark para masigurado na ligtas ang mga ito habang ginagamit. Ayon sa Gas Safety Ordinance (Cap. 51), ang pag- kabit, pagpalit, at pag-maintain sa gas appliances ay dapat isagawa ng rehistradong gas installers na nagtatrabaho sa ilalim ng isang rehistradong gas contractor. Labag sa batas ang pagdadala ng consumer ng mga hindi inaprubahang gas appliances sa Hong Kong o ang pag-install nito.

Para sa kaligtasan ng lahat at para sa epektibong pag-andar ng gas appliances, ang consumer ay dapat sumunod sa instructions ng manufacturers habang gumagamit ng gas appliances.




### Ligtas na paggamit ng Gas Cooker

Dapat buksan ang mga bintana at exhaust fan habang gumagamit ng gas cooker para mapanatili ang magandang bentilasyon at makapagbigay ng sapat na supply ng hangin para umapoy ang gas cooker. Gayunpaman, hindi dapat malapit sa bintana ang gas cooker para maiwasan na mapatay ng hangin ang apoy. Ang gas cooker ay dapat binabantayan habang ginagamit at hindi dapat iwanan kapag walang nagbabantay. Huwag din maglagay ng mga flammable objects malapit sa mga gas cooker. Dapat din turuan ng mga magulang na huwag paglaruan ang gas cooker para maiwasan ang sunog.

Ang haba ng flexible gas tubing na konektado sa gas cooker ay dapat maikli hangga't maaari at hindi dapat lalagpas sa 2 metro. Ang flexible gas tubing ay dapat mapalitan bago ang expiry date ng service life nito. Ang lahat ng flexible gas tubing para sa low pressure applications (ang gas pressure ay hindi lalagpas sa 7.5 kilopascals) na ibinibigay at ibinebenta sa Hong Kong ay dapat aprubado sa EMSD. Ang publiko ay dapat gumamit ng flexible gas tubing na may nakasulat na salitang "EMSD APPROVAL GTXXXX" (ang XXXX ay nangangahulugang approval number) at ang expiry date ng service life nito.

### Ligtas na paggamit ng Gas Water Heaters

Marami ang uri ng gas water heaters. Ang room-sealed gas water heaters na available sa ibat-ibang modelo katulad ng fanned draught at natura draught ay ang pinakamagandang choice para sa bago at pamalit na gas water heater. Ang air intake at flue terminal ng ganitong uri ng heater ay nasa labas ng external wall kaya sariwang hangin para sa pag apoy ang nakukuha mula sa combustion products na inilalabas para hindi madumihan ng heater ang hangin sa loob ng kwarto. Karamihan sa mga apartments ay nagbibigay ng angkop na flue apertures para sa pagkakabit ng room-sealed gas water heaters para sa banyo.

Kung ikaw ay gumagamit ng iba pang uri ng gas water heaters, inirerekomenda namin na palitan mo ito ng room-sealed na uri tuwing may regular na gas safety checks para maprotektahan ang iyong sarili at pamilya.

### Ligtas na Paggamit ng Gas Laundry Dryers

Ang customer ay dapat mag-kabit ng mga gas dryers ayon sa mga technical guidelines ng manufacturers. Sa kabuuan, ang exhaust outlet ng isang gas dryer ay dapat walang sagabal para mapalabas ang gas sa labas. Ang exhaust ducts ay dapat gawa sa matibay na galvanized steel sheets at dapat ito ay maikli hangga't maaari. Ang bilang ng bends at haba ng duct ay sapat lang dapat para hindi ito makaabala sa paglabas ng gas sa labas ng bahay.

Dapat buksan ang mga bintana o ang exhaust fans habang gumagamit ng gas dryers para ma-maintain ang good ventilation. Huwag maglagay ng masyadong maraming damit o tumutulo at basa na damit sa iyong dyer para maiwasan ang overloading.

Any oras ng pagpapatuyo ng damit ay hmdi rin dapat mahaba. Ang mga flammable clothing (katulad ng manipis na underwear or damit na gawa sa synthetic fibers) ay hindi dapat patuyuin gamit ang gas dryer para maiwasan ang pagkasunog ng damit na maaaring magsanhi ng sunog.



Ang odds at sods ay hindi rin dapat ilagay malapit sa gas dryers. Ang filters ay dapat linisin nang madalas para maiwasan ang pagkaipon ng alikabok na maaaring makaapekto sa performance ng gas dryer.

## Imbakan ng LPG Cylinders

Ayon sa Gas Safety Ordinance (Cap.51), ipinagbabawal ang pag-iimbak ng mga LPG Cylinders (kabilang ang mga walang laman na gas cylinder) na may total nominal water capacity na lalagpas sa 130 litro (o 50 kgs) maliban kung ito ay particular na inaprubahan ng Gas Authority. Ang karaniwang LPG Cylinder na ginagamit sa kabahayan ay may bigat mula 12 kgs hanggang 16 kgs. Para sa iyong gabay, ang mga sumusunod na nakalista sa table ay ang maximum number ng cylinders na pinapayagan para sa common sizes ng LPG Cylinders.

| Timbang ng LPG (kg) Cylinder | Pinapayagang dami ng LPG |
|---|---|
| 12-13.5 | 4 |
| 15-16 | 3 |




Ang mga LPG Cylinders ay dapat nakaimbak ng patayo at nasa kwartong well-ventilated, madaling makita at mahanap, at malayo mula sa init at apoy lalo na kung magpapalit ng cylinders. Para maiwasan ang pamumuo ng gas dahil ang LPG ay mas mabigat kaysa sa hangin, huwag gamitin o itabi ang LPG cylinders na mas mababa sa ground level, katabi ng kanal, o sa mga basement.

Bukod dito at para sa kaligtasan ng publiko, huwag maglagay ng mga LPG Cylinders sa pampublikong lugar. Ang mga nagamit at naubos na LPG Cylinder ay dapat ibalik sa iyong distributor ng LPG sa lalong madaling panahon at hindi dapat itapon.



## Mga hakbang para mapalitan any iyong LPG Cylinder

1. Patayin ang lahat ng kalapit na apoy at iwasan manigarilyo.
2. Patayin ang mga gas appliances.
3. I-off at tanggalin ang pressure regulator. Pagkatapos ay palitan ang nagamit at naubos na LPG Cylinder.
4. Muling ikabit ang pressure regulator nang maingat at suriin mabuti kung may amoy/tunog ng gas na tumutulo mula sa koneksyon ng gas cylinder.
5. I-on ang pressure regulator at suriin ang iyong mga gas appliances kung gumagana ito nang tama.




## Gamitin ang mga serbisyong ibinibigay ng mga Approved LPG Distributors

Ang LPG Cylinders ay dapat bilhin mula sa mga approved LPG distributors. Ang lahat ng mga LPG distributors ay minomonitor ng registered gas supply companies. Ang mga approved LPG distributors ay kukuha ng mga registered gas installers para magbigay serbisyo sa customer upang masigurado ang kaligtasan habang ginagamit ang LPG cylinders. Dapat idisplay ng approved LPG distributor sa kanilang tindahan ang kaniyang certificate na ibinigay ng registered gas supply company na nagpapakita rin ng registered gas contractor number sa invoice para sa pagkakakilanlan. Ang publiko ay maaaring tignan ang listahan ng mga rehistradong distributors sa website ng EMSD.

## Kung may katanungan

Para sa karagdagang mga detalye sa pagkabit ng gas, mangyaring makipag-ugnayan sa iyong gas contractor, tumawag sa hotline ng Gobyerno na 1823, o bisitahin ang EMSD website sa

http://www.emsd.gov.hk



機電工程署 EMSD

**Awtoridad ng Gas**

**Departamento ng Serbisyong Elektrisidad at Mekanikal**

3 Kai Shing Street, Kowloon, Hong Kong

Fax: 2576 5945 Email: info@emsd.gov.hk